



Nakahain ngayon sa Kongreso ang panukalang paandarin ang Bataan Nuclear Power Plant (BNPP) – ang House Bill 6300 (dating HB 4631) ni Congressman Mark O. Cojuangco at ang Senate Bill 2665 ni Miriam Defensor-Santiago.

Ang BNPP ay 620 MW na plantang nukleyar na itinayo ng diktaduryang Marcos noong 1973. Solusyon daw ito sa kakulangan ng bansa sa enerhiya at mahal na kuryente.

Noong 1986, ipinasara ng Gobyernong Aquino ang BNPP dahil ito ay hindi ligtas. Ang mga pag-aaral na ginawa sa panahon ng Gobyernong Ramos ay higit pang nagpatibay para wag paandarin ito.

Ngayon, ang BNPP ay simbolo ng awtoritaryanismo, katiwalian, pagpapalaganap ng maling impormasyon at kawalan ng tunay na konsultasyon para maisulong ang pansariling interes. Ipinakikita rin nito ang prayoridad ng gobyernong bayaran ang ilehitimong utang kapalit ng kawalan ng mga serbisyo't pang-ekonomikong oportunidad para sa mamamayan.

Kayat dapat tutulan ang tangkang paandarin ang BNPP para sa interes ng mamamayang Pilipino at sa tunay na pagbabago.

BNPP: Bakit Dapat Tutulan

MARAMI NA PALANG PAG-AARAL NA NAGSASABING HINDI PRAKTIKAL AT LIGHTAS ANG BNPP. NATUKLASAN NG NUCLEAR ENERGY SERVICES (1999) NA MAHIGIT SA 40,000 ANG DEPEKTO NG PLANTA. PERO, ITOY PINAGSASAWALANG -BAHALA NG MGA NAGTUTULAK PARA PAANDARIN ANG BNPP



Malakas na itinutulak sa Kongreso ang BNPP dahil sa kagustuhan ng Gobyernong Arroyo na ipatupad ang programa para sa enerhiyang nukleyar sa Pilipinas. Kahit hindi pa man natatalakay ng husto ang BNPP sa Kongreso, nakipagkasundo na ang NAPOCOR sa KEPCO (Korea Electric Company) noong Disyembre 2008 para isagawa ang validation process para sa rehabilitasyon ng planta. Babayaran ang KEPCO ng P 100 milyon para tapusin ito sa loob ng isang taon.

PHIL. NUCLEAR ENERGY PROGRAM



page 1



SINASABING MATAAS ANG RISK FACTOR NG PLANTANG NUKLEYAR. KAILANGAN NITO NG MASUSING PAGMAMATYAG. KAHIT PAHIGPITIN MAN ANG PAGBANTAY, HINDI PA RIN MAWAWALA ANG POSIBILIDAD NG AKSIDENTE.

TALAGA PALANG MAHIRAP AT HINDI MAGIGING GANAP NA LIGTAS ANG PAGPAPAANDAR NG ISANG PLANTANG NUKLEYAR!



Ang nuclear radiation ay nagdudulot ng sakit na cancer. Kamakailan lamang, napabalita sa pag-aaral na ginawa sa Germany (2007) at Spain (2003) na mataas ang insidente ng lymphomas, leukemia, myeloma sa mga batang nakatira sa 5 hanggang 10 kilometrong layo mula sa plantang nukleyar.

ANG KINATITIRIKAN NG BNPP AY NASA LUGAR NG AKTIBONG BULKAN NG MT. NATIB. SABI NGA NI DR. KELVIN RODOLFO, ANG HILAGANG KALAHATI NG BATAAN AY ISANG MALAKING BULKAN!



NAKU PO!
LALONG HINDI PAPASA ANG BNPP SA INTERNATIONAL ATOMIC ENERGY AGENCY PROVISIONAL SAFETY STANDARD SERIES NO.1 NA NAGSASABING HINDI DAPAT MAGTAYO NG PLANTANG NUKLEYAR SA LUGAR NA MATAAS ANG TECTONIC AT VOLCANIC ACTIVITY.

Ang Kashiwazaki Nuclear Plant ng Japan, isa sa pinaka-malaking planta sa buong mundo na kayang harapin ang malalakas na lindol ay napilitang magsara dahil sa lindol noong July 2007. Ano pa kaya ang BNPP na depektibo ang pagkagawa?

HINDI TOTOONG KULANG TAYO SA SUPPLY NG KURYENTE PARA PAANDARIN ANG BNPP! ANG DEPT OF ENERGY (2008) MISMO ANG NAGSABI NA MERONG SOBRANG 4,212 MW SA LUZON. PATULOY NATIN ITONG BINABAYARAN KAHIT HINDI NATIN KINOKONSUMO.



GINAGAMIT NA DAHILAN ANG POWER SHORTAGE SA VISAYAS SAMANTALANG MALAKI ANG KAPASIDAD NG GEOTHERMAL AT RENEWABLE ENERGY SOURCES DUNI. ANG KAILANGANG LAMANG AY PAABUTIN ITO SA IBA'T IBANG ISLA NG VISAYAS.

LAGI NA LANG BANG SABLAY ANG GOBYERNO?



Nakakalungkot isipin na ang taumbayan ang pumapasan sa mga kapalpakang ito. Kung sa pagtaya at pagpanukala pa lang sa kuryente ay wala nang katiyakan, paano pa kaya ang pagpapaandar ng plantang nukleyar?



KATAKOT-TAKOT ANG GASTOS SA PAGTATAYO AT PAGPAPAANDAR NG PLANTANG NUKLEYAR. DAGDAG PA ANG KAKAILANGANIN SA IMPORTASYON NG URANIUM, REPROCESSING, SEGURIDAD, GASTUSIN KUNG SAKALING MAGKAROON NG AKSIDENTE AT SA MISMONG PAGSASARA NG PLANTA.

YUNG PROBLEMA SA IMBAKAN NG BASURA NG NUKLEYAR AT MGA GASTOS NIYO, ISINAMA NA BA SA KWENTA?



NAPAKALAKI NG INUTANG NG ATING GOBYERNO NOONG DEKADA 70 PARA MAIPATAYO ANG BNPP. MULA SA \$ 600 MILYON AY UMABOT ITO SA \$2.3 BILYON DI PA KASAMA ANG INTERES SA MGA IPINAMBAYAD SA DATING UTANG.

NATAPOS NA RAW BAYARAN NG GOBYERNONG ARROYO NOONG ABRIL 2007 ANG UTANG SA BNPP?



HINDI TOTOO YAN PATULOY PA RIN TAYONG NAGBABAYAD! UMUTANG ULIT ANG GOBYERNO PARA LANG BAYARAN ANG UTANG SA BNPP!

Dahil sa Automatic Debt Servicing Provision (dating PD1177), walang tigil na binayaran ng gobyerno ang utang sa BNPP kahit ito ay hindi naman natin napakinabangan. Ang napakalaking halagang ipinambayad dito ay dapat sanang nalaan sa pagkain, edukasyon, gamot, pabahay, suporta sa agrikultura, at oportunidad sa trabaho.



ANG HIGIT NA MASAKLAP, TAUMBAYAN ANG PAPAN SA MGA PANIBAGONG GASTUSIN PARA PAANDARIN ANG BNPP? DAHIL NAPOCOR ANG SINASABING GAGASTOS SA REHABILITASYON AT PAGPAPAANDAR NG PLANTA, TIYAK NA MAIPAPASA ITO BILANG DAGDAG NA SINGIL SA KURYENTE SA KAWAWANG KONSYUMER! MULING UUTANG ANG GOBYERNO AT UUNAHING BAYARAN ITO KAYSA PAMPUBLIKONG SERBISYO!



UNSA MANI! ANG VISAYAS AT MINDANAO NA WALANG DIREKTANG BENEFISYO SA BNPP AY PWERSAHANG MADADAMAY DITO?



Nakakalula ang laki ng pera na hinihingi ni Congressman Cojuangco: US\$ 1Billion o 47 Bilyong Piso para sa rehabilitasyon ng depektibong BNPP!



TEKA LANG, HINDI BA MERON TAYONG KAPAPASA PA LANG NA RENEWABLE ENERGY LAW? BAKIT HINDI ITO IPATUPAD AT PAGLAANAN NG PONDO.

TUMPAKI!
DI BA SINASABING MALAKI ANG KAKAYANAN NG ATING BANSA SA GEOTHERMAL, WIND, SOLAR, HYDRO, ATBP. BILANG ALTERNATIBONG ENERHIYA. MALIBAN SA HIGIT NA LIGTAS, ITO AY MALINIS PA!



Malawak ang mapagkukunan ng renewable energy sa Pilipinas. Hindi lamang ito nagbibigay ng katiyakan sa pangmatagalang suplay sa enerhiya, kundi ang paggamit nito ay tutugon din sa lumalalang problema ng climate change.

PARA SA KANINONG KAPAKANAN NGA BA ANG PAGPAPAANDAR NG BNPP?

SABI NGA, KADALASAN ANG MGA MAMBABATAS AY ALIPIN LAMANG NG KAPITAL. SIYASATIN NATING MABUTI, SINO ANG NAGSUSULONG NG HB 6300 AT SB 2665? SINO ANG NASA LIKOD NITO? SINO SA BANDANG HULI ANG MAKIKINABANG? ANG TAUMBAYAN O SI PUHUNAN?

Isa sa mga hadlang sa pag-unlad ng ating lipunan ay ang rent-seeking capitalism o cronyism. Ito ang paggamit ng mga sakim na malalaking negosyo sa pag impluwensya sa pamahalaan at sa mga batas nito upang maitulak ang pansariling interes.



MAKIBAHAGI AT LUMAHOK SA KAMPANYA Ng Network Opposed to the Bataan Nuclear Power Plant (NOtoBNPP!)



1. Sumama sa mga mobilisasyon para ipatigil ang pagpapaandar sa BNPP.
2. Manawagan sa mga mambabatas na bawiin ang kanilang pirma/suporta sa HB 6300 at SB 2665.

- Kumonekta sa mambabatas sa Telepono: 9315001 (trunkline ng House of Representatives) / 5526601-70 (trunkline ng Senado)
- Magpadala ng mensahe sa email, fax o text message
- Pagsama at pag-organisa ng mga delegasyon para sa Congress Trooping

ALAMIN SA www.notobnpp.net ANG LISTAHAN AT DETALYE NG MGA MAMBABATAS NA PABOR SA PAGPAPAANDAR NG BNPP.

3. Maglunsad ng mga forum o talakayan.
4. Ipirma ang inyong mga pangalan sa petisyon.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON AT KOORDINASYON:

NOtoBNPP! Secretariat c/o Freedom from Debt Coalition (FDC),
11 Matimpilin St., Brgy Pinyahan, QC,
tel: 9211985 / 9246399, email: notobnpp.secretariat@gmail.com

MORONG, BATAAN - Nuclear-Free Bataan Movement (NFBM) - Morong, Fr. Fernando Loreto, Our Lady of the Pillar Parish, Morong, email: f_loreto_theotokos@yahoo.com

lo, Apt. A, Gerochi Law Ofc., 185 Jereos St., La Paz Dist., 5000 Iloilo City, telefax: (63-33) 320-7147, email: fd-ciloilo@gmail.com

City, tel: 221-6159, email: fdc_davao@yahoo.com

CEBU - FDC-Cebu, Door 4, 54-F P. Rodriguez St., Capitol Site, Cebu City, telefax: 412-4335, email: fdccebu@yahoo.com

EASTERN VISAYAS-FDC-Tacloban, 348 Pleasantville, Sagkahan, Tacloban City, tel: 325-4873, email: fdc_evis@yahoo.com.ph

SOCSKSARGEN- FDC -SocSKSarGen, 02 Tieze St., Gen. Santos City

DAVAO CITY- FDC-Davao, 143 Victoria Lane, Rizal St., Davao

WESTERN MINDANAO-FDC-West Mindanao, Door 4, Araceli Apt., Bongabong Compound, Catadman, Ozamiz City, tel: (088) 521-3771, email: fdowestminda@yahoo.com

ILOILO CITY- FDC-Iloilo-